# Paglilinaw sa Ilang Kategoryang Ginagamit Natin sa Pag-uulat Kaugnay ng Pagsusulong ng Pakikidigmang Gerilya Batay sa Papalawak at Papasinsing Baseng Masa.

1. Ang itinatayo nating mga larangang gerilya ay may karaniwang saklaw na 3-5 bayan na humigit-kumulang ay kasinlaki ng isang kongresyunal na distrito. Sa saklaw nito ay kumikilos ang lakas-kumpanyang pwersang gerilya na may tipikal na sentro de grabidad na lakas-platun. Sa paligid ng sentro de grabidad ay mga platung gerilya at sa ilang kaso ay may independyenteng iskwad ng SYP at mga pangkat pampropaganda at pagpapalawak na kumikilos bilang bahagi ng mga iskwad ng SYP. Ang larangang gerilya ay binubuo ng mga sona at baseng gerilya.

   Depende sa bilang ng saklaw na bayan at erya ng saklaw na mga bayan ng itinatayong mga larangang gerilya ang armadong lakas ng larangang gerilya ay maaaring magkaagwat mula sa regular na bilang ng lakas kumpanya o di kaya ay pinalaking lakas kumpanyang gerilya.

   Sa likod ng ganitong konsepto ng pagtatayo ng mga larangang gerilya ay ang patakaran ng masinsin na pagsaklaw sa mga bayan at baryo at prinsipyo ng pagpapalawak batay sa konsolidasyon. Tinitiyak nito na kapag umabot na sa lakas-kumpanya ang pwersa sa saklaw ng larangan ay maitatalaga sa pahalang na pagpapalawak sa halip na pabertikal na pagpapalakas ang karagdagang pwersang mapapalitaw na lampas sa takdang lakas ng hukbong bayan sa isang larangan.

   Habang dumarami at nailalatag sa mga estratehikong bahagi ng kanayunan ang mga lakas-kumpanyang larangang gerilya mas mahusay na makatutungo sa ibayong pagsinsin ng latag ng rebolusyonaryong pwersa upang kamtin ang latag na platun bawat bayan.

2. Ang mga baseng gerilya ay ang relatibong matatatag na bahagi ng ating mga larangang gerilya. Sa karaniwan, ito ay nasa mga paborableng tereyn ng larangan, sa simula ay binubuo ng magkakanugnog na 7-10 baryo o di kaya ay 3-5 baryo kung may bawi sa lapad ng eryang saklaw at paborableng kalupaan, relatibong magkakaagapay ang pag-unlad ng organisasyon ng Partido, mga samahang masa, kilusang antipyudal at iba pang kilusang masa, milisya, mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika at malinis sa masasamang elemento at impormer ng kaaway.

   Pinakamainam kung walang ditatsment ng kaaway sa erya ng baseng gerilya at sa kagyat na paligid nito. Pero sa proseso ng labanan, maaaring mangyari na matayuan ng ditatsment ng kaaway ang erya pero kayang manyutralisa o di kaya ay kayang ikutan ng baseng masa at hukbong bayan para patuloy na magampanan ang kanyang mga rebolusyonaryong gawain sa erya.

   Sa proseso ng pag-unlad ng mga larangang gerilya ay palalaparin nang hakbang-hakbang ang mga baseng gerilya.

   Mahalaga ang pagpapaunlad ng mga baseng gerilya na nagsisilbing likuran para sa mga pulong, pagsasanay, atrasan at iba pang gawaing konsolidasyon ng mga rebolusyonaryong pwersa sa isang larangang gerilya.

3. Ang buong-panahong mga yunit ng BHB ay mga yunit ng BHB na itinatayo sa mga larangang gerilya upang magkaroon ng pamalagiang hukbo (standing army). Kabilang dito ang mga pahalang na pormasyon ng BHB at ang mga bertikal na pormasyon sa antas ng probinsya o

katumbas at sa antas ng rehiyon. Kabilang din sa buong-panhong mga yunit ng BHB ang mga iskwad at pangkat partisano na pangunahing nag-ooperasyon sa lunsod subalit sumasanib sa mga yunit sa larangang gerilya kung walang operasyong militar.

Ang hating-panahong mga yunit ng BHB ay ang milisyang bayan sa mga baryo (karaniwang laking iskwad at pormasyong iskwad pero maaaring itayong laking platun o pormasyong platun depende sa laki ng baryo) at ang kwerpo sa pagtatanggol sa sarili ng mga rebolusyonaryong samahang masa. Sila ang bahagi ng hukbong bayan na nasa kategorya ng armadong mamamayan at tumatayong mga reserba ng pamalagiang hukbo ng BHB.

4. Ang itinuturing na mga pwersang pahalang ng Bagong Hukbong Bayan ay kinabibilangan ng sentro de grabidad (SDG) sa mga larangang gerilya na karaniwang lakas-platun at ng mga SYP-platun at independyenteng iskwad SYP na nakakalat sa paligid ng SDG-larangan. Ang pwersang bertikal ng Bagong Hukbong Bayan ay ang mga SDG sa antas ng probinsya o katumbas na antas at antas ng rehiyon. Platun ang karaniwang pormasyon ng SDG-probinsya at platun hanggang kumpanya ang maaaring itayong pormasyon sa antas ng rehiyon.

5. Ang sentro de grabidad ng hukbong bayan sa isang larangan na lakas-kumpanya na ang armadong pwersa ay ang relatibong nakakonsentrang yunit platun ng hukbong bayan (ibig sabihin ay nakakalat sa mas malapit na radius para madaling magtipon kung kinakailangan.) Ito ang pangunahing yunit gerilya sa larangan na nangunguna sa gawaing militar at nagpapatupad ng gawaing masa sa eryang itinatakda ng larangan.

   Sa likod ng konsepto ng sentro de grabidad ay ang prinsipyong gerilya ng relatibong konsentrasyon at dispersal salungat sa absolutong dispersal o absolutong konsentrasyon ng mga yunit ng hukbong bayan. Sa bawat panahon, anuman ang antas na inabot ng lakas ng hukbo sa isang erya o larangan dapat tiyakin na mayroong tumatayong sentro de grabidad (kahit di pa nabubuo ang lakas-platun na yunit gerilya). Sa kasalukuyan, patuloy pa nating binabaka ang tendensya sa absolutong dispersal ng mga yunit ng BHB sa ilang bahagi ng bansa. Ang absolutong dispersal ay nagbubunga ng tendensyang maging manipis o mababaw ang pagtatayo ng baseng masa at may malaking peligro na magpakat ng maliliit at hiwa-hiwalay na mga yunit ng hukbong bayan na bulnerable sa pagkadurog sa harap ng malakas na operasyong militar ng kaaway at pagkapasibo sa militar.

   Integral na bahagi rin ng konsepto ng sentro de grabidad ang relatibong pagdidiin sa pagpapaunlad ng mga bahagi ng larangang gerilya bilang mga baseng gerilya na nagsisilbing likuran na paborable para sa gawaing panghimpilan, para sa pagsasanay at konsolidasyon.

6. Ang mga komiteng seksyon ng Partido ang pinakamataas na organo ng Partidong itinatayo sa saklaw ng isang bayan o laking bayan na erya at populasyon. Ang moda ng pag-iral ng komiteng seksyon ng Partido ay pangunahing nakabase sa hukbo o sa partikular, sa platun. Ang mga komite ng Partido sa seksyon at larangan ay dapat nakabase sa mga yunit ng hukbong bayan. Ito ay bahagi ng pagwawasto sa sibilyanisasyon ng mga komite ng Partido sa antas ng seksyon/distrito na nagbunga ng malaking pinsala (pagkasawi sa mga depensibang labanan) sa kadre sa antas ng seksyon at distrito noong dekadang otsenta hanggang maagang bahagi ng dekadang nubenta. Sila noon ang nasa saray ng mga kadre sa larangan  na kulang o walang armas (dahil nasa bertikalisadong hukbong bayan), umiiral nang semiligal, walang kasanayang militar, habang pangunahing inaaasahang sumalo sa epekto ng “tuluy-tuloy na pagpapaigting” ng pakikidigmang gerilya sa larangan.

   Sa pagsisimula ng Ikalawang Dakilang Kilusang pagwawasto at paggampan ng gawaing rekoberi at rekonstruksyon ng baseng masa, ang KT ng sangay sa platun ang umaakto ring komiteng seksyon ng Partido.

Habang umuunlad ang mga sangay ng Partido sa lokalidad at gawaing konsolidasyon sa saklaw na erya, ang komiteng seksyon ng Partido at KT ng sangay ng platun ay nagiging distinct (magkaiba) ngunit hindi magkahiwalay.

Ang bag-as ng komiteng seksyon o malaking bahagi ng bag-as nito ay mananatiling nakabase sa platun at nagiging bahagi rin ng KT ng sangay sa platun. Ito ay bilang pagkilala na ang pangunahing pwersang salalayan sa gawaing masa at pagpapairal ng kapangyarihang pampulitika sa lugar ay ang nakatalagang yunit ng BHB sa lugar.

Subalit may mga kagawad ng komiteng seksyon na maaaring kumikilos sa poblasyon o di kaya ay nananatili sa mga baryo bilang mga susing kadre sa mga piling sangay ng Partido sa baryo at kung gayon ay di bahagi ng pormasyon ng hukbong kumikilos sa lugar.

Ang KT ng sangay sa platun ay umiiral bilang yunit ng Partido sa loob ng hukbo at tuwirang nakapailalim sa komiteng seksyon sa mga gawain sa saklaw ng seksyon. Gayunman, may direktang sentralismo din dito ang komite ng Partido sa kumpanya (pormasyong hukbo) o komite ng Partido sa larangan (organong panteritoryo ng Partido).

7. Ang mga semiligal na pangkat, bilang isang pormasyong ginagamit sa pagbubukas/paghahanda ng bagong larangan sa mga puting purok pa ng kanayunan ay binubuo ng mga lihim na organisador na naaarmasan nang maiikling baril na sadyang pinatalon sa erya mula sa isang platun o iskwad para magpalawak o di kaya ay sadyang itinatalaga ng komiteng larangan para kumilos nang lihim pero mayroong ligal na kober sa bubuksang erya. Ang direksyon ng mga semiligal na pangkat na nasa mga eryang puti o inihahandang sonang gerilya ay maging bahagi ng pormasyong hukbo at/o maging bahagi ng komite ng Partido sa teritoryo.

   Ginagamit din ng mga platun o iskwad ang pagdiditats ng mga semi-ligal na pangkat sa maikling panahon at partikular na mga tungkulin tulad ng pagpapalawak pa sa saklaw ng isang larangan, pagsisiyasat sa sentro ng baryo, paniniktik at iba pa.

8. Kapag sinasabi nating mga ganap na yunit gerilya, ang ibig sabihin lamang nito ay ang mga yunit gerilya na kumpletong naaarmasan ng mataas na kalibreng baril, may karaniwang bilang na 9-12 na maaaring maghati sa tatlong *fire teams* at mahusay na nagkakasuportahan sa anumang sitwasyong militar, gawaing masa, gawaing propaganda at gawaing produksyon. Itinakwil na natin ang konsepto ng ganap na yunit gerilyang libre sa gawaing masa at ang tungkulin ay gawaing militar lamang.

9. Ang istandard na bilang ng mga pormasyong gerilya ng BHB ay umaalinsunod sa tatluhang bilang ng pormasyon upang mahusay na maisagawa ang maniobrang militar at pagdidispusisyon ng pwersa sa bawat pormasyon. Kaya sa regular na laki ng mga prmasyon:

   a. Iskwad – 3 tim na pamutok (9-12 tauhan) kung kabilang sa pormasyong platun; Kung independyenteng iskwad ay dapat palakihin ang bilang ng tauhan (13-15 tauhan) at kung gayon pati na ang bilang ng tauhan sa bawat tim na pamutok.

   b. Platun – 3 iskwad (27-36 tauhan).

   k. Kumpanya – 3 platun (81 -108 tauhan).

   Ang istandard na bilang ng pinaliit o pinalaking mga pormasyong gerilya ng BHB ay nakabatay sa istandard na bilang ng iskwad. Kaya:

   a. Kung pinaliit na platun - 2 iskwad (14-24 tauhan); kung pinalaking platun - 4 na iskwad (36 – 48 tauhan).

   b. Kung pinaliit na kumpanya - 2 platun (54-72 na tauhan); kung pinalaking kumpanya - 4 na platun (98-144 na tauhan).

Ang lakas-kumpanyang larangang gerilya na itinatayo sa kasalukuyan ay dapat magkaroon ng 4 na platun kabilang na ang isang platung sentro de grabidad.

Sa mga platung gerilya na relatibong konsentrado tulad ng mga SDG, maaaring maging pito katao lamang ang mga iskwad nito sa simula. Gayunman, patuloy na sisikaping kamtin ang regular na bilang ng tauhan ayon sa istandard na laki ng pormasyong itinakda.

10. Aktibistang Masa: Ikinakategorya natin sa aktibistang masa ang lahat ng aktibong kasapi ng organisasyong masa na masigasig na nakakapanguna sa paggampan sa mga gawain ng samahan at ng rebolusyon.

    Makakapagkategorya pa ng abanteng aktibistang masa na kinabibilangan ng mga nasa pamunuan ng mga grupong pang-organisa, komiteng pang-organisa, mga sub-komite at komite ng samahan, mga aktibong elementong may kakayahan sa pagpopropaganda at pag-oorganisa, at mga aktibong elementong masigasig na nakakapanguna sa paggampan sa iba pang mga gawain.

11. Baseng Masa: Ang itinuturing nating baseng masa ay ang masang organisado kasama ang direktang impluwensyado na kinabibilangan ng mga sumisimpatya at sumusuporta sa iba't ibang paraan sa rebolusyonaryong kilusan. Matatantya ang bilang nito sa pamamagitan ng pagpaparami ng bilang ng organisado sa lima.

12. Ang pagsubaybay sa pagpapalawak at konsolidasyon:

    Ibigay ang absolutong bilang at porsyento ng bayang saklaw sa kabuuang bilang ng bayang dapat masaklaw upang makuha ang lawak ng latag;

    Ibigay ang absolutong bilang at porsyento ng baryong saklaw bawat bayan upang makuha ang sinsin ng latag;

    Ibigay ang absolutong bilang at porsyento ng baryong antas konsolidasyon sa kabuuang bilang ng baryong saklaw; gayundin ang absolutong bilang at porsyento ng baryong antas konsolidasyon sa kabuuang saklaw na baryo bawat bayan;

    Ibigay ang absolutong bilang at porsyento ng baryong pinagpapalawakan na antas gpm at kontak;

    Ibigay ang porsyento ng baril sa tauhan upang mataya ang lakas pamutok ng mga yunit sa gawaing militar

.